Republic of the Philippines
# Department of Education
Region IV-A
SCHOOLS DIVISION OF QUEZON PROVINCE

Quezon
DEPED QUEZON ICT UNIT
UPLOADED
Date/Time: OCT 24 2023
By: NICKO 2:07 P.M.
Ref. No. DA 122, s. 2023

**DIVISION ADVISORY NO. 122, s. 2023**
October 17, 2023

In compliance with DepEd Order (DO) No. 8, s. 2013,
this advisory is issued not for endorsement as per DO 28, s. 2001,
but only for the information of DepEd officials,
personnel/staff, and the concerned public.
(Visit www.deped.gov.ph.)

**INVITATION TO WATCH "ANG PAGLILITIS NI MANG SERAPIO" A MUSICAL PRESENTATION OF KATAGA LUCENA TANGHAL AMONG THE SCHOOLS OF SDO QUEZON**

The KATAGA LUCENA TANGHAL is celebrating their 10th year anniversary where they are inviting schools (teachers and students) of SDO Quezon to watch their play entitled, "Paglilitis ni Mang Serapio" a musical play scheduled on these dates, times, and venue:

November 30, 2023 (Thursday) (6:00- 8:00P.M.)- Event Center, Pacific Mall,Lucena

December 01, 2023 (Friday) - (2:00-4:00 P.M.)- Event Center, Pacific Mall, Lucena

December 02, 2023 (Saturday) - (2:00- 4:00P.M.)- Event Center, Pacific Mall, Lucena

December 03, 2023 (Sunday)- (2:00- 4:00P.M.)- Event Center, Pacific Mall, Lucena

The price of tickets will be PHP 250.00 per student/teacher.

Participation of learners and teachers from public and private schools will be purely voluntary and will not hamper instructional time in compliance with the provision of DepEd Order No. 022, s. 2023 titled Implementing Guidelines on the School Calendar and Activities for the School Year 2023-2024 and DepEd Order No. 9, s. 2005 titled Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith and the policy on off-campus activities stated in DepEd Order No. 66, s. 2017.

This is also subject to the no-collection policy as stated in Section 3 of Republic Act No. 5546 also known as An Act Prohibiting the Sale of Tickets and/or the Collection of Contribution for Whatever Project or Purpose from Students and Teachers of Public and Private Schools, Colleges, and Universities (Ganzon Law).

For more details on the conduct of the said activity, please see attached letter from KATAGA Lucena Tanghal.

*cid-ims/jej/rqn/10/17/2023*

DEPEDQUEZON-TM-SDS-04-011-003

Kataga
LUCENA
TANGHAL

**Ika-15 ng SETYEMBRE, 2023**

**DR. ROMMEL C. BAUTISTA, CESO V**
*Schools Division Superintendent*
Department of Education - Quezon
Brgy. Talipan, Pagbilao, Quezon Province

Mahal naming **Dr. Bautista**:

Isang mapagpalang araw! Pagbati rin sa masiglang teatro na nasasakupan ng inyong tanggapan.

Kami ang KATAGA-Lucena (Tanghal) ay isa sa mga sangay ng KATAGA, Samahan ng mga Manunulat sa Pilipinas, Inc. Ito ay isang community-based theater group na naglalayong linangin at pagyamanin ang sining at kultura sa Lalawigan ng Quezon. Gayundin, ang organisasyong ito ay nakapagbigay-sigla sa dulang likha ng mga lokal na alagad ng sining, bagay na hinihikayat ng Kagawaran ng Edukasyon sa rehiyunal na antas.

Sa loob ng sampung taon ay nakapagpalabas na ang Tanghal ng maraming dula katulad ng "DOLORES: Ang Pagsusuob", at "IGBA" sa panulat ni Dr. Marco Antonio Rodas. Ang mga dulang "KLIK (Dulang Musikal)", "ISA PANG SOAP OPERA", at "ANG SAYA-SAYA" sa panulat ni Dr. Reuel Aguila. Gayundin ang dula ni Erick Aguilar na "ANG MGA BATA! ANG MGA BATA!"

Bilang pagdiriwang sa ika-sampung taong anibersaryo ng Kataga-Lucena Tanghal ninanais ng grupong maitanghal ang dulang ***Ang Paglilitis ni Mang Serapio*** sa panulat ni Paul Dumol at gawin itong isang musikal na pagtatanghal sa direksyon ni Marco Antonio R. Rodas sa darating na ika-30 ng Nobyembre hanggang ika-3 ng Disyembre taong kasalukuyan sa Event Theatre, Pacific Mall, Lucena City.

Ang dulang ito ay isang edukasyonal na palabas na nilalaman na rin ng maraming school textbook sa Filipino at maaaring gamitin sa mga asignaturang nagpapalawak sa kaalaman at nag-aangat sa kamalayan ng ating mga estudyante. Tulad ng dulang naipalabas na ng organisasyon, ito ay panibagong tugon sa deklarasyon na magpalaganap ng akda bilang bahagi ng pagiging manggagawang pangkultura.

Ang kikitain sa palabas ay ilalaan sa pagpapagawa at pagpapatayo ng magiging permanenteng lugar na pagtatanghalan ng iba't ibang uri ng sining bilang pagtangkilik at pagkilala sa mga Alagad ng Sining sa Quezon.

***Kaugnay nito, hinihingi ng aming tanggapan ang inyong pag-endorso at pahintulot upang makalahok at masaksihan ng ating mga mag-aaral at kaguruan mula sa mga pampublikong paaralan sa Lalawigan ng Quezon ang pangkulturang pagtatatanghal na ito.***

Inaasahan namin ang inyong positibong tugon ukol sa bagay na ito. Maraming salamat.

Lubos na gumagalang,

**EVALYN V. CUAREZ**
*Managing Director*
Kataga-Lucena Tanghal

Kataga
LUCENA
TANGHAL

**OKTUBRE 13, 2023**

**DR. ROMMEL C. BAUTISTA, CESO V**
*Schools Division Superintendent*
Department of Education - Quezon
Brgy. Talipan, Pagbilao, Quezon Province

Mahal naming **Dr. Bautista**:

Isang mapagpalang araw!

Kami ang KATAGA-Lucena (Tanghal) ay isa sa mga sangay ng KATAGA, Samahan ng mga Manunulat sa Pilipinas, Inc. Ito ay isang community-based theater group na naglalayong linangin at pagyamanin ang sining at kultura sa Lalawigan ng Quezon. Gayundin, ang organisasyong ito ay nakapagbigay-sigla sa dulang likha ng mga lokal na alagad ng sining, bagay na hinihikayat ng Kagawaran ng Edukasyon sa rehiyunal na antas.

Sa loob ng sampung taon ay nakapagpalabas na ang Tanghal ng maraming dula katulad ng "DOLORES: Ang Pagsusuob", at "IGBA" sa panulat ni Dr. Marco Antonio Rodas. Ang mga dulang "KLIK (Dulang Musikal)", "ISA PANG SOAP OPERA", at "ANG SAYA-SAYA" sa panulat ni Dr. Reuel Aguila. Gayundin ang dula ni Erick Aguilar na "ANG MGA BATA! ANG MGA BATA!"

Bilang pagdiriwang sa ika-sampung taong anibersaryo ng Kataga-Lucena Tanghal ninanais ng grupong maitanghal ang dulang ***Ang Paglilitis ni Mang Serapio*** sa panulat ni Paul Dumol at gawin itong isang musikal na pagtatanghal sa direksyon ni Marco Antonio R. Rodas. **Kaugnay nito, nais naming imbitahan ang mga paaralang nasasakupan ng inyong opisina, miyembro ng kaguruan, at mga mag-aaral para makapanood ng aming palabas.**

***Maikling Buod***
Si Mang Serapio ay isang pulubi na miyembro ng isang federasyon ng mga pulubi. Dahil sa kanyang paglabag sa mga patakaran ng federasyon, siya ay lilitisin. Ang kanyang "kasalanan" ay ang pagkakaroon ng isang manika, na simbolo ng kanyang pag-asa at mga pangarap. Sa kabila ng kanyang pagtatanggol sa sarili, ang hatol sa kanya ay mapanagot sa isang malupit na parusa—ang pagkabulag.

Sa pamamagitan ng musikal na Serapio, sisikapin naming ilahad ang kahalagahan ng panitikan at sining, at ang mga temang panlipunan na may kaugnayan sa ating kasaysayan at kasalukuyang panahon.

***Paano Maaangkop sa Kurikulum:***

*Filipino at Panitikan:* Pag-aaral sa estruktura, wika, at estilo ng kwento. Buhay na halimbawa ng panitikan at dulaan ng Pilipinas.

*Araling Panlipunan:* Pagsusuri sa mga panlipunang isyu tulad ng kahirapan, katarungan, at pagkapantay-pantay. Representasyon ng kasaysayan at kultura ng bansa.

*MAPEH:* Pagkilala sa musika, sayaw, at iba pang elemento ng produksyon. Pag-unawa sa kahalagahan ng sining bilang bahagi ng edukasyon.

*Edukasyon sa Pagpapakatao:* Pagpapakita ng kahalagahan ng integridad, hustisya, at moralidad sa pamamagitan ng kwento. Pag-unawa sa mga epekto ng diskriminasyon at panlipunang hindi pagkakapantay-pantay.

***Detalye ng Pagtatanghal:***

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Petsa at Oras:** | Nobyembre 30, 2023 | (Huwebes) | (6:00 – 8:00 pm) |
| | Disyembre 1, 2023 | (Biyernes) | (2:00 – 4:00 pm at 6:00 – 8:00 pm) |
| | Disyembre 2, 2023 | (Sabado) | (2:00 – 4:00 pm at 6:00 – 8:00 pm) |
| | Disyembre 3, 2023 | (Linggo) | (2:00 – 4:00 pm) |

**Lugar:** Event Theater, Pacific Mall, Lucena City, Quezon

**Presyo ng Tiket:** P250.00
*(Ang P50 na maiiwan sa paaralan ay maaaring magamit na pondo at gugulin ng mga sumusunod ng SPTA, at ng Kagawarang aangkop dito sa mga gawaing pagpapaunlad ng kanilang mga Programa, Proyekto, at mga Aktibidades (PPA's) na nakaayon sa kani-kanilang mandato na magpapataas ng kahusayan at kakayanan ng mga mag-aaral.)*

Naniniwala kami na sa pamamagitan ng musikal na "Serapio", matutulungan natin ang ating mga mag-aaral na magkaroon ng mas malalim na pag-unawa sa mga temang panlipunan at panitikan. Umaasa kami sa inyong suporta at pagdalo sa aming pagtatanghal. Ang kikitain sa palabas ay ilalaan sa pagpapagawa at pagpapatayo ng magiging permanenteng lugar na pagtatanghalan ng iba't ibang uri ng sining bilang pagtangkilik at pagkilala sa mga Alagad ng Sining sa Quezon.

Para sa mga karagdagang imporsmasyon o pagkumpirma ng inyong pagdalo, maaari po kayong makipagugnayan kay **Evalyn V. Cuarez** sa **09238669619** o sa email na **katagalucenatanghal@gmail.com** at/o **evalynvcuarez@gmail.com.**

Maraming Salamat at umaasa kami sa inyong masiglang pagtangkilik!

Lubos na gumagalang,

**EVALYN V. CUAREZ**
*Managing Director*
Kataga-Lucena Tanghal